
# POL NA LANG PO!



Kuwento at Guhit ni:

Richard M. Payawal






*Pamantayan sa Pagkatuto*

*Nasasabi ang batayang impormasyon tungkol sa sarili: pangalan, magulang, kaarawan, edad, tirahan, paaralan, iba pang pagkakakilanlan at mga katangian bilang Pilipino. AP1NAT-Ia1*



## Development Team

Kuwento ni: **Richard M. Payawal**

Guhit ni: **Richard M. Payawal**

Learning Resource Manager:

**Ruby M. Jimenez, PhD**

*Learning Resources Management and Development Section, EPS-I*

**Pampanga**

# POL NA LANG PO!



Ako si Apolinario Roman L. Puno."
Biglang nagtawanan ang aking mga kaklase nang magpakilala na ako. Wala namang punit ang aking damit. Wala rin namang dumi ang aking mukha. Pero bakit hindi sila mapigil sa pagtawa?




APOLINARI
ROMAN

“Kapangalan mo ang lolo ko!” tukso ng isa kong kamag-aral.

“Oo, parang pangalan ng matanda!” biro ng isa pa.


“Makaluma!” maingay na sabi naman ng iba sabay tawanan nang malakas sa klase.




DAVE

Hindi tulad ng sa akin, ang pangalan ng mga kaklase ko ay tunog bago. Tunog maganda. Tunog galing ibang bansa. May Angelica Mae, Jennifer, Carol Anne, Vanessa, Rubilyn, Samantha, Patrick, Christian, Kevin, James, Dave, at Louie.




CAROL
ANNE
JAMES
ANGELICA
MAE
JENNIFER
DAVE
PATRICK
KEVIN
SAMANTHA
RUBILYN
VANESSA
CHRISTIAN
LOUIE


Araw-araw, bago magsimula si Titser ay tinatawag niya isa-isa ang aming mga pangalan.
Tuwing tatawagin na ako, nakatingin na ang lahat sa akin. Parang tumatalbog na spring ang kanilang leeg at parang speaker ang kanilang tainga.




APOLINARIO
ROMAN

Bigla na namang nagtawanan ang buong klase.

"Tamihik!" ang sabi ni Titser matapos niyang tawagin ang aking pangalan.  Kaagad namang nakinig ang aking mga kaklase. Biglang nawala ang malakas na tawa at ingay.





Nagbigay ng takdang-aralin ang aming guro.

"Alamin at isulat sa papel ang kuwento tungkol sa inyong mga pangalan at sabihin ito bukas sa klase," ang sabi niya.

Bigla tuloy akong natakot pumasok bukas.




Ano ang kuwento ng iyong pangalan?

Sana ay puwedeng palitan ang aking pangalan. Mark na lang kaya? O kaya naman ay Rico. Pol kaya? Oo, Pol na lang upang mas maganda sa pandinig hindi tulad ng Apolinario Roman.




APOLINARIO
ROMAN

Kung Pol ang aking pangalan, hindi na ako tutuksuhin ng aking mga kaklase. Magiging tunog sikat. Parang bida sa isang palabas sa telebisyon na paborito naming pinapanood tuwing hapon.




SUPER
POL

Pagka-uwi sa bahay, naghahanda ng meryenda si Nanay.

Lumapit ako sa kaniya at nagtanong. “Nanay, puwede bang Pol na lang po ang aking pangalan? Ayoko na po sa Apolinario Roman.”

Napatahimik si Nanay sa aking sinabi.






Pumunta si Nanay sa may sala at kinuha nito ang isang kahon.

"Halika, anak at may ipapakita ako sa iyo," wika ni Nanay.

Madali naman akong nagtungo sa kaniyang kinaroroonan.





Ipinakita ni Nanay ang larawan nila ni Tatay noong sila ay ikinasal. Mukhang masayang-masaya sila sa araw na iyon.

"Ikaw ang bunga ng pagmamahalan namin ng iyong tatay," natutuwang sabi sa akin ni Nanay.





“Gusto naming maging espesyal ang iyong pangalan. Kaya naman pinagsama namin ang pangalan ko na ‘Rosario’ at ang pangalan ng iyong tatay na ‘Arman’,” sabi ni Nanay.

“At doon nanggaling ang Roman,” dagdag nito habang nakangiti.





Natuwa ako sa aking narinig. Naging interesado sa aking nalaman.  Pero parang ayaw ko talaga sa pangalan ko na Apolinario.

"Puwede po bang Pol Roman na lang po ang maging pangalan ko?" pilit ko kay Nanay.





Kinuha ni Nanay ang isa pang litrato ni Tatay na nakatabi sa isang estatwa.
“Sino po iyan, Nanay?” pagtataka ko habang nakatitig sa litrato.
“Ito ang pinakapaboritong bayani ng iyong Tatay Arman,” sagot ni Nanay.





"Bayani po?" tanong ko uli.

"Oo. Siya si Mabini," sagot ni Nanay.

"Kahit siya ay hindi nakalalakad, hindi naging hadlang sa kaniya ang ipagtanggol ang ating bayan," dagdag ni Nanay.





"Sa kabila ng kahirapan, matalino at masipag sa pag-aaral si Mabini," kuwento ni Nanay.

"At iyon ang gusto naming magaya mo sa kaniya, anak."


"Opo, gusto ko pong maging katulad niya," sagot ko kay Nanay.





“Apolinario Mabini ang buong pangalan niya.”

Tumalon ang aking puso sa sinabi ni Nanay. Hindi ko pala dapat na ikahiya ang aking pangalan dahil ito ay galing sa aking mga magulang pati na sa isang bayani.






Kinabukasan, ang ingay at tawanan na dati ay naririnig ko pagkatapos sabihin ang aking pangalan ay napalitan ng palakpak mula sa aking mga kaklase. Lahat ay natuwa at humanga sa kuwento ng aking pangalan.




ROMAN






## TUNGKOL SA MAY-AKDA, TAGAGUHIT AT TAGALAPAT

**Richard M. Payawal:** Kasalukuyang nagtuturo sa Pasig National High School, Pasig, Candaba, Pampanga bilang Teacher III

Tuwing tinatawag ako ni Titser ay palaging tumatawa ang aking mga kaklase. Hindi ko alam kung ano ang mayroon sa aking pangalan. Ano nga ba? ‘Yan ang tanong ko kay Nanay.

